

Tagubilin sa Pag-suko

~Para sa mga dayuhang may suliranin ukol sa kanilang katayuan~

Ministry of Justice, Bureau of Immigration

Ang Bureau of Immigration ng Ministry of Justice, sa pamamagitan ng pagbabago ng mga balitang opisyal ukol sa sistema ng pagpapauwi at mga patakaran sa pag kuha ng Special permission of stay (Zairyu tokubetsu kyoka) ay naghanda ng maayos na pasilidad sa bawat lokal na sangay para maging madali ang pagsuko ng mga dayuhang nagnanais na gawin ito. Amin pong hinahangad ang inyong kusang pagpunta.

○ **Para sa mga dayuhang inabutan ng pagkapalaso ng kanilang bias, namumuhay sa Japan at nagnanais ng umuwi sa kanilang bansa, May madaling paraan upang kayo ay makauwi ng hindi na kayo kailangang makulong pa. Kung kayo ay sasailalim sa sistema ng Kautusan sa pagpapauwi (Shukukoku meirei seido)**

Kapag kayo ay napauwi sa inyong bansa dahil kayo ay nahuli, kayo ay hindi papayagang makabalik sa bansang Japan sa loob ng limang (5) taon.

Ngunit kung kayo ay uuwi ng inyong bansa sa ilalim ng aming sistema (Shukukoku meirei seido), sa halip na limang (5) taon, ito ay bababa na lamang sa isang (1) taon.

- Ang maaaring sumailalim sa 「Shukukoku meirei seido」 ay ang mga sumusunod:
 - a) May intensyong umuwi agad sa kanyang bansa mula Japan, at sumuko ng kusa
 - b) Walang ibang kaso na magpapaloob sa kanya upang mapauwi ng sapilitan maliban sa dahil siya ay nananatili ng walang kaukulang bisa.
 - c) Taong matapos makauwi sa kanyang bansa ay walang hatol ng pagkabilanggo dahil sa anumang kasong kriminal gaya ng pagnanakaw at iba pa.
 - d) Hindi pa nagkaroon ng karanasan sa nakalipas na siya ay mapauwi ng sapilitan.
 - e) Inaasahan ang madaliang pag-uwi sa kanyang bansa mula sa Japan.

○ Sa mga dayuhang nagnanais umuwi ngunit hindi naaangkop na sumailalim sa [Shukukoku meirei seido] ngunit kusang nagsadya sa Tanggapan ng immigration, maaari kayong payagang asikasuhin ang inyong kaihilingan sa pamamagitan ng pagkuha ng “temporary release permit” at kayo ay hindi na kailangang makulong.

○ Para sa mga nagnanais na manatili sa Japan, kayo ay nararapat munang sumuko sa immigration upang inyong maipaliwanag ang inyong dahilan kung bakit nais ninyong manatili.

- Sa nakaraang mga pagbabagong ginawa sa patakaran ng pagkuha ng [Special permission of stay], Bilang positibong batayan na gagamitin sa paghatol, bukod sa kaso na kung saan ang isang dayuhan ay may kabiyak na Hapon, mangyari lamang na basahing mabuti ang patakaran ukol sa mga sumusunod: ①Kusang pagsuko ②May kustodiyang sa pagpapalaki ng anak na nag-aaral sa elementarya o sekondaryang paaralan at matagal ng naninirahan sa Japan ③Mapapatunayang may matatag na pamumuhay sa Japan dahil sa matagal ng paninirahan.

Halimbawa, kung ang iyong kaso ay tugma sa bilang ③ at ikaw ay kusang sumuko, at walang ibang kaso ng paglabag, ipinapaliwanag sa tagubilin na mas madaling mabigyan ng konsiderasyon ang iyong kaso para sa [Special permission of stay].

- Muli, halimbawang ikaw ay napatunayang may nilabag na batas ngunit ikaw ay kusang sumuko, sa halip na ikaw ay makulong, ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na asikasuhin ang iyong kaso sa pamamagitan ng pagdulot sa iyo ng “Temporary release permit”

- Katulad ng proseso ng pagpapatupad ng pagpapauwi na nakasaad sa loob ng “Enclosed” o kalakip na papel, ang resulta ng pagsusuri ng inyong kahilingan, Halimbawang ikaw ay pinayagang manatili dahil sa espesyal na pahintulot mula sa puno ng ministry of justice ang iyong kalagayan na dati ay ilegal ay mapapalitan ng legal na katayuan upang manatili sa Japan.

- Sa karagdagan, ang “special permission to stay” ay batay sa balanse ng positibon

g elemento at negatibong element, kung saka-sakaling hindi pinahihintulutan ang nagin
g resulta, mangyaring intindihin na kayo ay iisyuhan ng "written deportation order."

Enclosed

Para sa Dayuhang ilegal ang kalagayan

Walang kaukulang karapatan upang manatili.

Ngunit umaasang maipagpatuloy ang pamumuhay sa Japan.

Naghain ng pagsuko sa Bureau of Immigration



Pagsisiyasat ng Immigration Police

【May mga dokumentong kakailanganin para sa mga katanungan ukol sa personal na pagsuko o maging ng kinatawan man】



Detention order

【Dahil sa Temporary release permit, maaari ng ituloy ang pag-proseso ng hindi maku kulong】




Pagsisiyasat ng Immigration Examiner



Pagharap sa Special Trial officer



Hatol ng Punong ministro



(Espesyal na pahintulot upang manatili)

Special Permission of stay

(Kautusang mapauwi / Sapilitang pagpapauwi)

Deportation Order-Repatriation